



Technology Responsible Use Guidelines (Mga Alituntunin sa Responsableng Paggamit ng Teknolohiya)

*(para sa mga digital device, network, at serbisyo sa internet na pagmamay-ari
at pinapahiram ng Hawaii State Department of Education para sa mga mag-
aaraal nito)*

1) **Panimula**

Ang Hawaii State Department of Education (HIDOE) ay nakatuon sa paggabay sa mga mag-aaraal sa paggamit nila ng teknolohiya bilang instrumento sa pagsuporta ng kanilang pagtatagumpay at paghihikayat sa kanilang gumamit ng mga digital device, serbisyo sa network, at internet na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE para sa mga pang-edukasyon na programa na nakabalangkas sa mga alituntunin sa responsableng paggamit nito.

Dapat suriin ng mga magulang at legal na tagapag-alaga (pagkatapos nito ay panglahatang tatawagin bilang "magulang" o "mga magulang"), kasama ang kanilang anak, ang mga alituntunin at lagdaan ang Technology Responsible Use Form ("TRUF"), na dapat ibalik sa paaralan ng mag-aaraal bago dumating ang petsang tinukoy ng paaralan ngunit hindi lalampas ng 30 araw mula sa petsa ng pagbibigay sa mag-aaraal. Ang mga nilagdaang form ay nagpapahiwatig ng pag-unawa at kasunduan sa pagsunod sa lahat ng panuntunan, regulasyon, at alituntunin na nauugnay sa paggamit ng mga serbisyo sa digital device, network, at internet na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE, na maaaring baguhin o palawakin ayon sa kinakailangan ng HIDOE. Ang pinakabagong bersyon ng mga alituntunin na ito ay available sa <http://bit.ly/FERPAHI>.

2) **Ang paggamit ng teknolohiya ay responsibilidad at oportunidad para sa aming mga mag-aaraal**

Isang prebilehiyo at hindi isang karapatan ang paggamit ng mga digital device, serbisyo sa network, at internet na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE. Ang tungkulin sa pagtuturo sa mga mag-aaraal tungkol sa responsable at naaangkop na paggamit ng Internet at mga digital device ay sama-samang responsibilidad ng mga magulang, guro, at paaralan. Responsibilidad ng mga mag-aaraal at magulang na tiyaking ang mga serbisyo sa digital device, network, at internet na pagmamay-ari at pinapahiram ng HIDOE ay ginagamit alinsunod sa mga responsibleng paggamit ng mga alituntunin na ito.

3) **Pagsubaybay para sa kaligtasan ng mag-aaraal**

Ang mga device at account na ginagamit sa pag-access ng Internet at Mga Network ng HIDOE ay pagmamay-ari ng HIDOE. Sinusubaybayan at inilalaan ng HIDOE ang karapatan sa pagsubaybay ng lahat ng naturang aktibidad ng mga mag-aaraal sa mga device, network, at internet. Hindi dapat umasa ang mga mag-aaraal na magkakaroon sila ng privacy sa paggamit nila ng mga serbisyo sa digital device, network, at internet na pagmamay-ari ng HIDOE, kabilang ang email at mga nakaimbak na file. Sa pagpapasya ng HIDOE, aalertuhin nito ang naaangkop na kinauukulan na tagapagpatupad ng batas tungkol sa pinaghihinalaang ilegal na aktibidad na may kinalaman sa paggamit ng mga digital device at serbisyo sa network at internet, at hindi nito kinakailangang kunin ang pahintulot ng mag-aaraal o magulang para sa naturang pag-uulat. Inilalaan ng HIDOE ang karapatan na suriin at alisin ang anumang file at record ng mga mag-aaraal na ginamit sa mga device at account ng HIDOE upang mapanatili ang integridad ng network, upang makumpuni ang digital device ng HIDOE, masiyasat ang isang paglabag sa mga alituntunin na ito, at upang matiyak na responsableng ginagamit ang digital device.

4) **Mga parusa sa paglabag**

Kapag ang isang mag-aaraal ay lumabag sa anumang bahagi ng mga alituntuning ito, malalapat ang lahat ng

naaangkop na batas at pang-administratibong panuntunan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, Hawaii Administrative Rules (HAR), Title 8, Chapter 19, na pinamagatang "Student Misconduct, Discipline, School Searches and Seizures, Reporting Offenses, Police Interviews and Arrests, and Restitution for Vandalism." Makikita ang mga iyon dito (<http://bit.ly/HARChapter19>) o maaari kang makakuha ng kopya sa iyong paaralan.

Tutukuyin ng HIDOE ang naaangkop na parusa para sa anumang ipinagpapabawal na gawi ng mag-aaral. Inilalaan ng HIDOE ang karapatan, nang hindi nag-aabiso na i-freeze at i-delete ang account na may kaugnayan sa mga aktibidad na lumalabag sa patakaran ng HIDOE. Inilalaan ng HIDOE ang karapatan na idiskonekta ang anumang device na pinagmumulan ng spam, mapanira o kaduda-dudang aktibidad nang hindi nag-aabiso hanggang sa malinis o maayos na ang lumalabag na computer.

5) Mga Online na Pang-edukasyong Serbisyo

Maaaring bigyan ang mga mag-aaral ng mga takdang-aralin sa pamamagitan ng online na pang-edukasyong serbisyo, gaya ng Google Apps for Education, Microsoft Office 365, at Blackboard. Ang pag-access sa mga site na ito ay sinusubaybayan ng HIDOE upang makapaghatid ng ligtas at secure na environment sa pagkatuto para sa mga mag-aaral. Pagkatapos makuha ang pahintulot ng magulang, maaaring gumawa ang HIDOE ng mga email address, credential sa pag-login (hal., mga username at password), at/o online na profile ng mag-aaral upang pahintulutan ang mga mag-aaral na mag-access ng ilang partikular na site/serbisyo; gayunpaman, ang mga address, credential, at profile na ito ay gagamitin lang para sa layunin ng mga takdang-aralin sa paaralan. Ipo-post sa website ng paaralan o ibibigay ng paaralan, kung hihilingin, ang isang listahan ng mga pang-edukasyong serbisyo na ginagamit ng paaralan.

6) Mga alituntunin sa pangkalahatang paggamit at pag-aalaga ng mga digital device na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE

- A) Gagamit lang ang mga mag-aaral ng mga digital device na ibinibigay ng HIDOE para sa mga aktibidad na nauugnay sa paaralan.
- B) Sa silid-aralan, maaari lang gumamit ang mga mag-aaral ng mga electronic device na pinapahintulutan ng guro.
- C) Ang isang itinalagang digital na device ng HIDOE ay maaari lang gamit ng itinalagang mag-aaral dito. Hindi dapat pahintulutan ng itinalagang mag-aaral ang iba na gamitin ang device.
- D) Hindi maaaring i-tamper o alisin ang mga identification tag ng HIDOE/Estado at manufacturer. Walang iba pang mga sticker, ink, o anumang pangdisenyong item ang maaaring ilagay sa nakatalagang kagamitan sa isang mag-aaral (gaya ng, ngunit hindi limitado sa, device, mga baterya, mga kable, at mga charger).
- E) Papanatilihin ng mga mag-aaral ang privacy at seguridad ng kanilang mga username at password para sa digital device at naka-install na software at mga application. Huwag kailanmang ibahagi ang iyong username at (mga) password sa sinuman (kahit pa sa mga malapit na kaibigan) maliban sa iyong mga magulang o tagapag-alaga.
 - i) Kung sakaling makalimutan ng mag-aaral ang kanyang username o password, makipag-ugnayan sa guro para sa tulong.
 - ii) Kung na-lock ang username o password ng mag-aaral o hindi sinasadyang naibahagi sa iba, makipag-ugnayan sa guro para sa tulong. Maaaring mangailangan ang guro na humingi ng teknikal na suporta.
- F) Hindi mananagot ang HIDOE para sa anumang hindi pinapahintulutang pagsingil na ginawa ng mga mag-aaral sa mga device at serbisyo sa internet at/o network ng HIDOE, kabilang ngunit hindi limitado sa mga singil sa credit card, long distance na tawag, kagamitian at linya, o para sa anumang ilegal na paggamit gaya ng mga paglabag sa copyright.
- G) Pag-uulat sa mga nasira/nawalang device, mga virus, at iba pang mga isyu
 - i) Ang mga mag-aaral at ang kanilang mga magulang ay personal na may pananagutan para sa wastong pag-aalaga, paggamit, at pagpapanatili ng mga itinalagang device at sa pag-alam kung nasaan ito sa lahat ng oras. Pananagutan ng mga mag-aaral ang agarang pagdadala sa mga napinsala, nasira, o hindi gumaganang device sa itinalagang kawani ng paaralan upang makumpuni ito. Ang mga

magulang ng mag-aaral na mapapatunayang may pananagutan sa pagkawala, pagkasira, o pagkapinsala ng kagamitan ng paaralan (gaya ng, ngunit hindi limitado sa device, mga baterya, mga kable, at mga charger) ay aatasang bayaran ang pagpapalit ng kagamitan ayon sa HAR, Title 8, Chapter 57, na pinamagatang “Restitution for Damaged and Lost Books, Equipment, Supplies, and Outstanding Financial Obligations.” Tingnan ang Chapter 57 dito (<http://bit.ly/HAR8Chapter57>) o humingi ng kopya sa iyong paaralan. Ang gastusin sa pagpapalit o pagpapakumpuni ay depende sa tindi ng pagkasira.

- ii) Kung ang device ng isang mag-aaral nawala o nanakaw, ang mag-aaral at/o magulang ay may pananagutan para sa pagpapagawa ng police report sa loob ng 24 na oras mula sa pagtuklas ng pagkawala/pagkakanakaw, pagbibigay kaagad sa paaralan ng dokumentasyon ng ulat, at ganap na pakikipagtulungan sa anumang kasunod na pagsisiyasat.
- iii) Hinihiling sa mga mag-aaral na iulat ang anumang kahinaan/kompromiso sa seguridad sa computer ng HIDOE, at anumang insidente ng posibleng maling paggamit o paglabag sa kasunduang ito sa mga wastong kinaukulan (mga guro, punongguro, o pangalawang punongguro).
- iv) Dapat matugunan ng mga mag-aaral at magulang ang lahat ng alalahanin hinggil sa paggamit ng teknolohiya sa (mga) nangangasiwang guro at/o tagapamahalang kawani ng paaralan.

7) Mga alituntunin sa naaangkop at etikal na paggamit ng Mga Serbisyo sa Internet at Network ng HIDOE

- A) Gagamitin lang ng mga mag-aaral ang mga serbisyo sa internet at network ng HIDOE sa mga pang-edukasyon na layunin. Maaaring ipawalang-bisa ng HIDOE ang access ng mga mag-aaral sa ilang partikular na materyal na hindi kinakailangan para sa edukasyonal na layunin. Ipinagbabawal sa mga mag-aaral na usisain at baguhin ang mga hakbang na pangseguridad sa mga computer ng paaralan o remote computer at sa network ng HIDOE.
- B) Ipinagbabawal ang paggamit ng network system ng HIDOE sa paraan na makakapinsala sa mga mapagkukunan ng system at network sa punto na nagdudulot ng pagkakaantala ang paggamit sa mga serbisyo ng ibang tao.
- C) Dapat makipagtulungan ang mga mag-aaral sa lahat ng pagkakataon sa mga kahilingan mula sa mga guro at iba pang tagapamahala ng paaralan para sa impormasyon tungkol sa mga aktibidad sa paggamit ng computer ng mga mag-aaral.
- D) Proteksyon ng personal na impormasyon ng mag-aaral
 - i) Hindi dapat gamitin ang mga personal na user account para sa pagtuturo o pang-edukasyon na layunin. Gagamit ang mga mag-aaral ng (mga) hiwalay na account para sa paaralan/pang-edukasyong layunin at papanatilihin ang privacy at seguridad ng kanilang mga username at password sa lahat ng internet, network, social media, at online/cloud na serbisyo (gaya ng, ngunit hindi limitado sa, Google Apps for Education at Edmodo).
 - ii) Ang mga user account na itinalaga ng HIDOE na hindi aktibo sa loob ng tatlo o higit pang buwan (ibig sabihin, walang pag-login o pag-upload ng file) ay ide-delete dahil ang mga ito maaaring banta sa seguridad at may kaugnayan sa mga mahalagang mapagkukunan ng system.
 - iii) Hindi dapat ilantad ng mga mag-aaral ang kanilang buong pangalan, address ng tahanan o numero ng telepono, o ang personal na impormasyon ng iba sa internet nang walang pahintulot mula sa nangangasiwang guro. Hindi dapat makipagkita ang mga mag-aaral sa mga taong nakaugnayan nila sa internet nang walang pahintulot ng magulang.
 - iv) Pananagutan ng mga mag-aaral ang kanilang (mga) account. Dapat gamitin ng mga mag-aaral ang system at ibinibigay ng network na feature para sa proteksyon sa naaangkop na paraan at dapat silang mag-ingat laban sa ibang taong kumukuha ng access sa mga mapagkukunang ng kanilang computer. Pananagutan ng bawat user ang indibidwal na seguridad ng password.
 - v) Hindi dapat gamitin ng mga mag-aaral ang account o password ng ibang user nang walang wastong pahintulot mula sa kanilang nangangasiwang guro, o iba pang tagapamahala ng HIDOE, o sa system administrator.

- vi) Hindi nagbibigay ang HIDOE ng garantiya sa anumang paraan, ito man at ipinabatid o ipinahiwatig, hinggil sa paggamit ng mga digital device, Network, Internet na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE o sa katumpakan, kawastuan, kakumpletuhan, o kaaangkupan ng anumang impormasyon, mga file, o software. Walang pananagutan ang HIDOE sa mga pinsala sa anumang aktibidad, kabilang ang pagkawala ng data, hindi pagkakapadala, o pagkakaantala ng serbisyo, ito man ay dahil sa kapabayaang pagkakamali o pagkukulang ng user, o iba pang depekto. Ang paggamit ng anumang impormasyong nakuha sa pamamagitan ng internet sa sariling pagpapasya.
- vii) Kung naniniwala ang isang mag-aaral na ang kanyang user account at password ay nakompromiso, dapat siyang makipag-ugnayan kaagad sa kanyang guro o tagapamahala ng paaralan.

8) Mga Hindi Pinapahintulatang Paggamit ng Internet o Digital Device ng HIDOE

A) Kabastusan at Panliligalig

- i) Hindi dapat gamitin ng mga mag-aaral ang Internet para sa mga ilegal, hindi etikal, o bastos na layunin. Dapat ipagbigay-alam ng mga mag-aaral sa kanilang mga nangangasiwang guro kung nakapag-access sila ng impormasyon o mensahe na hindi naaangkop o sa palagay nila ay hindi wasto sa anumang paraan. Ipinagbabawal ang paggamit ng network ng HIDOE upang mag-post, magpadala, o makakuha ng pornographic na materyal, hindi naaangkop na text o mga graphic na file, o mga file na maaaring makasira sa network (ibig sabihin, mga file na naglalaman ng mga malware, worm, virus).
- ii) Hindi dapat ito gamitin ng mga mag-aaral upang manligalig ng iba pang mga user sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga hindi gusto, komersyal, nakakainis, bastos, mapanira, nakakainsulto o nakakapagbantang mensahe (gaya ng, ngunit hindi limitado sa, email, mga post sa social network, at mga direct message), o gamitin ang anumang uri ng electronic na media sa panliligalig ng ibang tao o pangkat (ibig sabihin, cyberbullying). Dapat iulat kaagad ng mga mag-aaral ang anumang gawi na sa palagay nila ay maituturing na panliligalig sa isang guro o tagapamahala ng paaralan.
- iii) Ipinagbabawal ang pagpapadala at pagtanggap ng impormasyon sa pamamagitan ng mga electronic na pakikipag-ugnayan, paggamit ng mga electronic na pakikipag-ugnayan sa mga ilegal na paraan na lumalabag sa batas o patakaran ng lokal, pang-estado, pederal o internasyonal na pamahalaan.

B) Mga batas sa copyright at plagiarism

- i) Hindi dapat mag-plagiarize o mag-download ang mga mag-aaral ng mga hindi pinapahintulatang may copyright o may lisensyang materyal. Walang pananagutan ang HIDOE sa mga materyal na lumalabag sa mga batas sa copyright. May pananagutan ang mga user para sa nilalaman ng kanilang pino-post at pagkuha ng lahat ng kinakailangang pahintulot o lisensya para sa anumang ginamit na materyal.
- ii) Hindi dapat i-duplicate o ipamahagi ng mga mag-aaral ang mga hingi pinapahintulatang may copyright o may lisensyang materyal.

C) Pag-download, pag-access, o pagkopya ng mga materyal para sa mga layunin na hindi pang-edukasyon

- i) Hindi dapat mag-download o mag-install ang mga mag-aaral ng anumang software, app, pelikula, o laro sa mga digital device, o magbago ng mga configuration ng system.
- ii) Hindi dapat gumawa ang mga mag-aaral ng kopya ng mga configuration file ng system para sa kanilang mga sariling hindi pinapahintulatan at personal na paggamit o sa pagbibigay sa iba ng mga tao/user.

D) Negosyong komersyal at politikal

- i) Hindi dapat gamitin ng mga mag-aaral ang internet upang mag-access o magpakalat ng materyal sa negosyo na “para sa kita” o komersyal na layunin. Walang personal na aktibidad para kumita ang maaaring isagawa gamit ang mga mapagkukunan sa computing at networking ng HIDOE.
- ii) Hindi dapat gamitin ang mapagkunan sa network at computing ng HIDOE sa politikal na pagla-lobby o sa labas ng mga interes na hindi nauugnay sa negosyo ng HIDOE.

E) Seguridad ng device at network

- i) Hindi dapat subukan ng mga mag-aaral na i-hack o kung hindi naman ay labagin ang seguridad ng anumang digital device, server ng HIDOE o anumang iba pang account ng user na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE.
 - ii) Hindi dapat mag-download, mag-install o magpatakbo ang mga mag-aaral ng mga program o utility sa seguridad na naglalantad sa kahinaan at/o nagba-bypass sa seguridad ng isang system. Hindi dapat subukan ng mga mag-aaral na usisain at baguhin o i-uninstall ang software sa pagsubaybay ng mga device na pagmamay-ari o pinapahiram ng HIDOE. Halimbawa, hindi dapat magpatakbo ang mga mag-aaral ng password cracking na program sa alinman sa mga computer system ng HIDOE o mag-install ng mga rootkit na nagba-bypass sa seguridad ng system.
- F) Ipinagbabawal ang paggamit ng network ng HIDOE o ng isang digital device ng HIDOE para sa anumang hindi naaayon sa batas na layunin.